---

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 4

## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM

**Development Team:**
Writer: **MARIA FE C. BALABA**
Layout Artist: **JOHN JESSON S. MONSERATE**
Content Editor: **MARIA FE C. BALABA**
Language Editor: **MARIA FE C. BALABA**

Management Team:
**MALCOLM S. GARMA,** Regional Director
**CARLEEN S. SEDILLA,** OIC-Schools Division Superintendent
**GENIA V. SANTOS,** CLMD Chief
**JAY F. MACASIEB,** OIC-ASDS/OIC-Chief ES, CID
**MA. GLORIA G. TAMAYO,** Regional EPS, Filipino
**MARIA FE C. BALABA,** Division EPS, Filipino
**DENNIS M. MENDOZA,** Regional LR Supervisor
**NEIL VINCENT C. SANDOVAL,** Division LR Supervisor
**NANCY C. MABUNGA,** Regional Librarian



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

# Aralin 1

# Napakinggang Teksto, Isalaysay na Muli, Sariling Karanasan, Iugnay sa Kuwento


## Inaasahan

*Sa pagtatapos ng aralin, inaasahang:*

- Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang teksto; **(F4PS-IIIg-4)**
- Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita. **(F4PS-III-h-6.6)**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Magsaliksik ng isang alamat, pabula o kuwento sa mga aklat o sa *internet*. Ipakuwento ito sa magulang o kasamahan sa bahay. Isalaysay na muli ang napakinggang kuwento sa sariling pananalita gamit ang balangkas grapiko na ito.






Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Balik-tanaw

**Panuto**: Basahin ang talata. Isulat ang angkop na pamagat sa kahon.

1. Sina Malou at Grace ay matalik na magkaibigan. Sila ay nagtutulungan. Kapag may problema sila ay nagdadamayan. Parang magkapatid ang turingan nila sa isa't isa. Sila ay magkaramay sa lahat ng oras.

2. Mabango at mahalimuyak ang bulaklak ng Rosal. Malayo pa ay maaamoy mo na ito. Kay sarap amuyin at gawing palamuti sa altar.

3. May kapansanan si Alona nang isinilang. Siya ay isang pilay. Subalit hindi ito naging hadlang upang siya ay magsikap sa buhay. Nagtiyaga siya at nag-aral kaya naman siya ay naging matagumpay. Ngayon ay isa na siyang mayamang negosyante na may-ari ng bukirin at taniman ng mga pakwan. Kaya, hindi hadlang ang kapansanan upang magtagumpay.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# Maikling Pagpapakilala ng Aralin



Madalas ay isinasalaysay nating muli ang mga pangyayari sa mga teksto o kuwentong ating napakikinggan lalo na't naibigan natin ang mga ito. Kapag naunawaan natin ang napakinggan o nabasang kuwento ay makapagbibigay na rin tayo ng angkop na pamagat nito. Maiuugnay natin ang sariling karanasan sa mga nabasa o napakinggang kuwento kung may pag-unawa tayo sa kaisipan at mga detalyeng nakapaloob dito at kung naranasan mismo natin ang karanasang tinatalakay sa mga nabasa o napakinggang teksto.

Alam mo ba?

Ang mga nabasa o napakinggan ninyong teksto ay kayang-kaya ninyong isalaysay na muli gamit ang inyong sariling pananalita. Tulad ng pagbuo ng pamagat, tandaan ang mahahalaga o susing salitang makukuha sa talata. Tiyaking alam ninyo ang mahahalagang detalyeng sumasagot sa mga tanong na **sino**, **ano**, **saan**, **kailan**, **bakit**, at **paano** gayondin ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari kung ito ay isang kuwento, salaysay, alamat o pabula.

# Gawain

**Panuto:** Basahin ang mga talata o teksto. Sagutin ang mga tanong pagkatapos.

Napakahalaga ng Bitamina A sa ating katawan. Ito ay tumutulong upang lalong luminaw ang ating mata. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng paglabo ng paningin. May mga pagkaing mayaman sa bitaminang ito tulad ng itlog, gatas, keso, mga gulay, at prutas.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

1. Anong sariling karanasan ang maiuugnay mo sa kaisipang tinatalakay sa talata?
   - A. Problema sa pag-aaral
   - B. Paglalaro ng Larong Pinoy
   - C. Pagkain ng masustansiyang pagkain
   - D. Pag-eehersisyo upang lumakas ang katawan.

> Dalawang beses sa isang linggo ay nagkikita-kita kaming magkakamag-aral sa birtwal na klase ni Bb. Sayo. Bagong pamamaraan ng pagtuturo ang plataporma ng ito. Gumagamit kami ng teknolohiya upang magtamo ng mga bagong kaalaman tulad ng *Google Classroom*, *Powerpoint* at iba pa. Ano pa't masaya at mapanghamon ang birtwal na pagkatuto ng mga mag-aaral ngayong panahon ng pandemya.

2. Anong sariling karanasan ang maiuugnay mo sa kaisipang tinatalakay sa talata?
   - A. Karanasan sa pagpasok sa paaralan
   - B. Karanasan sa mga pagsubok sa buhay
   - C. Karanasan kung paano maiiwasan ang *COVID 19*
   - D. Karanasan sa birtwal na klase sa panahon ng pandemya

> May kapansanan si Alona nang isinilang. Siya ay isang pilay. Subalit hindi ito naging hadlang upang siya ay magsikap sa buhay. Nagtiyaga siya at nag-aral kaya naman siya ay naging matagumpay. Ngayon ay isa na siyang mayamang negosyante na may-ari ng bukirin at taniman ng mga pakwan. Kaya, hindi hadlang ang kapansanan upang magtagumpay.

3. Ano ang maiuugnay mong sariling karanasan sa kaisipan ng talata?
   - A. Pagtitiyaga sa buhay
   - B. Pagiging masinop sa mga gamit
   - C. Pagpapakita ng pagmamahal sa bayan
   - D. Paglalaro ng katutubong larong pinoy

> Ang bibingka ay isa sa kakaning Pilipino na madalas lutuin. Paborito rin itong meryenda. Nilalahukan ito ng giniling na bigas, asukal, gatas, at buko. Kakaiba ang paraan ng pagluluto nito dahil kailangan itong lagyan ng apoy sa itaas at ibaba ng hurno.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

4. Ano ang maiuugnay mong sariling karanasan sa kaisipan ng talata?
   A. Putaheng handa
   B. Pagkaing Pinoy
   C. Pagmamahal sa bayan
   D. Pagpupursigi sa buhay

Tuwing sumasapit ang buwan ng Mayo, maraming lugar sa Pilipinas ang nagdiriwang ng Pista. Isa na rito ang Bayan ng Lucban, Quezon. Kilala ang Lucban sa kanilang Pahiyas Festival kung saan ipinagdiriwang nila ang kapistahan ng kanilang patron na si San Isidro Labrador. Tuwing sumasapit ang ika-15 ng Mayo, ginagawa ang pagdiriwang na ito upang magpasalamat sa masagang ani na kanilang nakamtan sa loob ng isang taon. Sa pamamagitaan ng pagsasabit ng mga kiping, gulay, at prutas sa labas ng kanilang bahay, ito ang nagsisilbing dekorasyon at gayak na nagpapakita ng kanilang pagkamalikhain.

5. Anong sariling karanasan ang maiuugnay mo sa kaisipang tinatalakay sa talata?
   A. Karanasan sa pagdalo sa mga pistang bayan o lalawigan
   B. Karanasan sa pagsali sa mga paligsahang pambarangay
   C. Karanasan sa pagpasok sa paaralan
   C. Karanasan sa pamamalengke

## Tandaan

Mahalaga ang pagkakaroon ng mayamang karanasan sa iba't ibang pangyayari o kaalaman upang may maibahagi kung sakaling ikaw ay matanong ukol sa isang paksa o konsepto. Ang gawing libangan ang pagbabasa ay makatutulong nang malaki upang lumawak ang ating kaalaman at karanasan. Sa ganitong paraan, madali tayong makauugnay sa karanasan ng iba dahil naranasan din natin ang kanilang naranasan. Kapag malawak na ang ating kaalaman at karanasan ay madali na rin nating maisalaysay na muli ang mga natutuhan nating impormasyon at kaalaman sa teksto o akdang nabasa o napakinggan. Makatutulong sa pagsasalaysay na muli ng mga teksto o akda kung babalangkasin natin ang mga detalye na sumasagot sa mga tanong na **sino**, **ano**, **kailan**,



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

**saan**, **bakit**, at **paano** at kung ito ay kuwento ay itala ang mahahalagang pangyayari at pagkakasunod-sunod ng mga ito.

## Pag-alam sa mga Natutuhan


**Sitwasyon:**

Nagpalaro ng "*Charade*" ang inyong guro sa inyong klase. Bawat pangkat ay binigyan ng tig-iisang pabula. May apat na kasapi bawat pangkat ang inyong nabuo. Ang unang kasapi ay magbabasa ng ibinigay na pabula. Ikukuwento niya sa susunod na kasapi ang pabulang binasa niya hanggang ang huling kasapi ang magkukuwentong muli ng kabuuan ng pabula. Ipagpalagay na isa ka sa kasapi ng pangkat, paano mo isasalaysay na muli ang pabula?

**Gawain 1:**


**CHARADE RELAY**

**Panuto:** Gamit ang grapikong pantulong, isalaysay na muli ang isang pabula tulad ng "*Charade".* Humanap ng isang pabula o kuwento sa iyong mga aklat o sa *internet* o sa *YouTube*.






**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**





**GAWAIN 2**

**Panuto:** Ikuwento ang kaugnay o sariling karanasan batay sa inilahad na kaisipan sa tekstong binasa. Isulat ito sa nakalaang espasyo.

Simula nang lumaganap ang *COVID 19* sa bansa, natatakot nang lumabas ang mga tao. Kaya umisip ng iba't ibang paraan ng pagkakakitaan at pagkakaabalahan ang mga tao upang kumita at maglibang. Ilan sa pinagkakaabalahan ng mga tao ngayon ay ang pag-oonline selling. Ito ay nakatutulong upang kumita at may maidagdag sa kanilang mga gastusin at matugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan. May iba naman na nahilig sa pagpapalago at pagpaparami ng halaman. Kung saan ito rin ay kanilang pinagkakakitaan. Nagsisilbi rin itong hanapabuhay sa ilan at minsan ay dito rin nila kinukuha ang pagkain na kanilang inihahain sa hapag kainan. Talagang masikap at mapamaraan ang mga Pilipino lalo't higit sa ganitong panahon ng pandemya.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**



## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Makinig ng isang napapanahong paksa sa radyo o telebisyon. Sa harap ng inyong birtwal na klase isalaysay muli ito. Punan ang grapiko ng mahahalagang detalye na ilalahad sa iyong pagsasalaysay.


**Pangunahing Kaisipan**

______________________________
______________________________
______________________________

| Detalye | Detalye | Detalye |
| --- | --- | --- |
| ______________ | ______________ | ______________ |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**



## Sanggunian

https://pixabay.com/vectors/tree-house-rope-ladder-rope-ladder-155477/
https://pixabay.com/vectors/frame-birds-decoration-design-46320/
https://pixabay.com/vectors/abstract-art-border-frame-1861373/
https://pixabay.com/vectors/pencil-happy-jumping-school-152713/
https://pixabay.com/vectors/frame-black-white-video-1662287/

## Susi sa Pagwawasto

**Gawain**
1. C
2. D
3. A
4. B
5. A

Note:
Ang ibang mga bahagi ay
malayang sagot



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**